
Programa ng Pang-emerhensyang Tulong sa Upa ng San Francisco



Sa Mayo 28, ilulunsad ng San Francisco ang lokal na programa ng pang-emerhensyang tulong sa upa nito na nakatuon sa mga pinaka bulnerable na sambahayang apektado ng pandemyang COVID-19.

Kung kailangan mo ng tulong sa upa para sa panahon mula **Abril 2020 hanggang Marso 2021**, mangyaring mag-apply sa programa ng pang-emerhensyang tulong sa upa ng Estado sa housingiskey.com.

Magbibigay ang programa ng Lungsod ng tulong sa upa para sa panahon ng **Abril 2021 at ng mga susunod na buwan**. Ang programa ng Lungsod ay maaaring bayaran ang hanggang tatlong buwan ng hindi nabayarang upa, pati na rin ang upa sa tatlong susunod na buwan sa panahong iyon, na napapailalim sa mga limitasyon ng programa.

Karapat-dapat ba akong mag-apply?

Upang maging karapat-dapat mag-apply, ikaw ay kailangang:

Naging kuwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho o nakaranas ng pagbawas ng kita ng sambahayan, lubos na nadagdagan ang mga gastos, o nakaranas ng iba pang pinansyal na kagipitan sa panahon ng o dahil sa, nang direkta o hindi direkta, pandemyang coronavirus; at

Ipinapakitang nanganganib na makaranas ng pagkawala ng tirahan o pagkawala ng katatagan sa pabahay, na maaaring kabilangan ng:

- abiso sa upa na dapat nang bayaran o abiso sa pagpapaalis sa tirahan;
- Hindi ligtas o hindi mabuti sa kalusugang mga kondisyon sa paninirahan; o
- anumang iba pang ebidensya ng naturang panganib.

Dapat ka ring magkaroon ng kita ng sambahayan na nasa o mababa sa 80% ng Area Median Income (AMI). Ang 80% AMI para sa isang indibidwal ay \$102,450 o ang 80% AMI para sa pamilyang may apat na miyembro ay \$146,350. Uunahin ng lungsod ang mga aplikanteng may mga lubos na mababang kita. Ang mga mataas sa mga kitang ito ay hindi magiging karapat-

dapat para sa tulong sa upa sa pamamagitan ng programa ng lungsod o estado.

Saan ako mag-a-apply para sa programa ng Lungsod?

Simula Mayo 24, mabibisita mo ang <https://sf.gov/renthelp> upang maging pamilyar ka sa mga patnubay sa programa sa upa. **Sa Mayo 28**, sisimulan ng Lungsod ang pormal na pagtanggap ng mga aplikasyon. Lubos ka naming hinihikayat na mag-apply online sa sarili mong paraan, kung kaya mo.

Kung dati ka nang nag-apply para sa tulong bago ang Mayo 2021, dapat kang magsumite ng panibagong aplikasyon dahil ito ay panibagong pagpopondo. Mangyaring mag sumite lamang ng isang bagong aplikasyon. Kung magsusumite ka ng maraming bagong aplikasyon, mapapabagal ang pagpoproseso dahil sa mga dobleng aplikasyon.

Saan ako maaaring pumunta para makakuha ng tulong sa pagkumpleto ng aking aplikasyon?

Kung kailangan mo ng tulong sa personal sa pagkumpleto ng iyong aplikasyon, mangyaring bumisita sa isang community partner na organisasyon. **Mayroong mga organisasyong pangkomunidad na may kasanayan na makakapagbigay ng tulong** at mahahanap mo ang mga ito sa pamamagitan ng pagtawag sa 211 o online sa www.sfadc.org.

Kung natugunan ko ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat, may garantiya ba akong makakatanggap ng tulong sa upa?

Nakatuon ang Lungsod sa pagtitiyak na nakakatanggap ng tulong ang maraming residenteng nangangailangan ng tulong. Ngunit, sa panahon ng pagpoproseso ng aplikasyon, uunahin namin ang mga aplikasyong mula sa partikular na nanganganib mawalan ng tirahan dahil sa ilang salik na pang-ekonomiya at panlipunan.

Mga Madalas Itanong (FAQ)

Mangyaring bumisita sa <https://sf.gov/information/rental-assistance-faqs> kung mayroon kang mga karagdagang katanungan. Maaaring makita ang webpage sa mga wikang Ingles, Español, Tsino at Filipino.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Hindi ko mabayaran ang aking upa sa pagitan ng Marso 1–Agosto 31, 2020

Ipinagbabawal ng [SB-91](#) ang mga pagpapaalis ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa para sa mga buwang ito. Ang nagpapaupa ay hindi maaaring magpaalis sa tirahan, ngunit maaaring dalhin ang nangungupahan sa small claims court (hukuman para sa maliliit na paghahabol) simula Agosto 1, 2021 para sa anumang hindi pa nababayaranang upa. Inaatasan ng SB-91 ang

nangungupahan na bigyan ang nagpapaupa ng pinirmahang [deklarasyon](#) bilang pagtugon sa 15-araw na abiso.

Hindi ako makapagbayad ng upa sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 at Hunyo 30, 2021

Para sa upang dapat bayaran sa pagitan ng Setyembre 2020–Hunyo 2021, ipinagbabawal ng [SB-91](#) ang mga pagpapaalis ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa hanggang Hulyo 1, 2021, at pinahihintulutan ang nagpapaupa na dalhin ang nangungupahan sa small claims court simula Agosto 1, 2021 para sa anumang hindi pa nababayaranang upa. Inaatasan ng SB-91 ang nangungupahan na bigyan ang nagpapaupa ng (mga) pinirmahang [deklarasyon](#) bilang pagtugon sa (mga) 15-araw na abiso, AT sa hindi lalampas ng Hunyo 30, 2021 upang bayaran ang hindi bababa sa 25% ng hindi nabayaranang upa mula Setyembre–Hunyo (posibleng nang buo).

Kasalukuyang walang mga proteksyon sa pagpapaalis ng tirahan pagkatapos ng Hunyo 30, 2021.